
# Minamahal na Employer

Sa kaganapan ng pagkamatay ng domestic worker, obligado ang employer na ipadala ang labi ng manggagawa sa kanyang bansa, kasama ang pagbabayad ng mga sahod para sa buwan nang siya’y namatay, ayon sa Artikulo 22 Parapo 5 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015.



الهيئة العامة للقوى العاملة
Public Authority of Manpower

MANPOWERKWT



## Minamahal na Employer

May karapatan ang domestic worker na magmamay-ari at gumamit ng telepono sa labas ng oras ng trabaho, isinaalang-alang ang pagka-kumpidensyal at pagkapribado ng lugar ng trabaho at sa paraan na hindi sumasalungat sa pampublikong moralidad.



## Minamahal na Employer

Ang domestic worker ay hindi dapat i-assign sa labas ng Estado ng Kuwait, at kung mapatunayan na wala ang kanyang pagsang-ayon, ibabalik sa kanyang bansa ang domestic worker na gagastusan ng employer, ayon sa Clause V ng Modelong Kontrata sa Trabaho - Parapo 9 ng mga Obligasyon ng Employer.



# Minamahal na Employer

Sa kaganapan ng pagkakantala ng pagbabayad sa sahod sa pinagkasunduang mga petsa, may karapatan ang domestic worker sa halagang **10** dinars para sa bawat buwan ng pagkakaantala dahil sa hindi pagtanggap ng sahod sa tamang oras, ayon sa Artikulo **27** ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. **68** ng **2015**.

الهيئـة العـامـة للقـوى العاملـة
Public Authority of Manpower

MANPOWERKWT

# Minamahal na Employer

Hindi maaaring i-empleyo ang domestic worker nang higit sa 12 oras kada araw, basta't ang mga oras ng pagtatrabaho ay hindi lumalampas sa limang oras bawat araw, na susundan ng panahon ng pahinga, na hindi mas mababa sa isang oras, at may karapatan ang domestic worker sa pahinga sa gabi nang di bababa sa 8 sunod-sunod na oras, ayon sa parapo 2 ng Artikulo 22 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015, at Parapo Blg. 3 ng Clause Seven ng Modelong Kontrata sa Pangengempleo - Pangkalahatang mga Probisyon.


Minamahal na Employer
May karapatan ang domestic worker sa isang may bayad na lingguhang pahinga ayon sa Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015.
الهيئـة العـامـة للقـوى العاملـة
Public Authority of Manpower
MANPOWERKWT


Minamahal na Employer
May karapatan ang domestic worker sa isang taunang may bayad na bakasyon ayon sa Parapo 3 ng Artikulo 22 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015.
الهيئـة العـامـة للقـوى العاملـة
Public Authority of Manpower
MANPOWERKWT




## Minamahal na Employer

Ang pasaporte ng domestic worker ay isang personal na dokumento na may karapatan siyang hawakan. Hindi maaaring samsamin ng employer ang pasaporte ng domestic worker at hindi siya maaaring pigilan sa paghawak nito maliban kung may personal na pagsang-ayon niya, ayon sa Parapo 4 ng Artikulo 22 ng ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015

الهيئة العامة للقوى العاملة
Public Authority of Manpower

MANPOWERKWT



## Minamahal na Employer

May karapatan ang domestic worker sa pabuya sa dulo ng taon matapos makumpleto ang termino ng kontrata para sa yugtong katumbas ng isang buwan na sahod para sa bawat taon, ayon sa Artikulo 23 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015.




## Minamahal na Employer

Obligado ang employer na bayaran ang tiket sa pagbibiyahe ng kapag magbibiyahe siya matapos ma-expire ang yugto ng kontrata o anumang ni-renew na yugto, sa economy class, papunta sa bansang kanyang pinagmulan, ayon sa parapo 9 ng Artikulo 7 ng standard na kontrata ng pangengempleo – mga pangkalahatang probisyon.

## Minamahal na employer at domestic worker

ang mga pagtatalo na lilitaw sa pagitan ng mga partido ay sa loob ng hurisdiksyon ng Department for Regulating the Recruitment of Domestic Workers para isaayos ang mga pagtatalo, ayon sa mga pamamaraan na tinukoy sa mga regulasyon na inisyu kaugnay nito Blg. 68 ng 2015.


Minamahal na Employer
Ang modelong kontrata sa pangengempleo na inihanda ng Public Authority of Manpower ay isang opisyal na dokumento na nagtitiyak ng legal na proteksyon para sa iyo at sa iyong kasambahay o domestic worker.
الهيئـة العـامـة للقـوى العاملـة
Public Authority of Manpower
MANPOWERKWT

## Minamahal na Employer

Hindi maaaring pahintulutan ang pag-recruit ng domestic worker para magtrabaho maliban sa ilalim ng bilateral o tripartite na kontrata sa pag-recruit, ayon sa mga sirkumstansiya na inisyu ng Department of Regulating the Recruitment of Domestic Workers sa Public Authority of Manpower, na isinulat sa kapwa Ingles at Arabic, ayon sa Artikulo 18 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 para sa taong 2015.



## Minamahal na Employer

May karapatan ka sa isang refund sa halagang nakolekta ng tanggapan/kumpanya ng domestic labour recruitment sa loob ng anim na buwan nang matanggap ang manggagawa mula sa tanggapan/kumpanya sa sumusunod na mga kaso na tinukoy sa Artikulo 17 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015:

# Minamahal na Employer

- Sa sitwasyon ng anumang legal na balakid na pumipigil sa domestic worker mula sa paggawa ng kanyang trabaho, at walang kontrol ang employer dito (parapo 1 ng Artikulo 17 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015.

- Sa sitwasyon na ang domestic worker ay makakaranas ng nakakahawang sakit, o anumang pisikal, pangkalusugan o sikolohikal na mga kapansanan na pumipigil sa kanya na magpatuloy sa pagtatrabaho (parapo 2 ng Artikulo 17 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015).

## Minamahal na Employer


- Sa kaso ng legal na rekisito na ipinataw batay sa interes ng publiko na pumipigil sa pag-isyu ng permit sa paninirahan para sa domestic worker (parapo 3 ng Artikulo 17 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015).

- Kung may administratibong deportasyon ng domestic worker para sa mga rekisito ng interes ng publiko (parapo 4 ng Artikulo 17 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015).

## Minamahal na Employer

- Kung ang tanggapan o kumpanya ng domestic labour recruitment ay nagbibigay sa iyo ng hindi tamang datos o impormasyon tungkol sa domestic worker (parapo 5 ng Artikulo 17 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015).

- Kung tumatanggi ang domestic worker na magpatuloy sa pagtatrabaho o iwanan ito sa hindi kilalang partido (parapo 6 ng Artikulo 17 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015).



## Minamahal na Employer

Tungkulin mo na magbigay ng sapat na pabahay na may kasamang sapat na pamamaraan ng pamumuhay para sa kasambahay (Artikulo 11 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015).

الهيئة العامة للقوى العاملة
Public Authority of Manpower

MANPOWERKWT

## Minamahal na Employer

Tungkulin ninyo na magbigay ng pagkain, pananamit para sa domestic worker sa paraan na nagtitiyak ng kanyang angkop na antas ng buhay, at tumupad sa paggamot sa kanya, pangangalaga at rehistrasyon sa health insurance system na itinakda sa Batas Blg. 1 ng 1999, ayon sa Artikulo 9 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015, at panlimang itel ng Parapo Blg. 2 ng Modelong Kontrata sa Pangengempleo (Mga Obligasyon ng Employer).

## Minamahal na Employer

… Ang mga sahod ng domestic worker ay dapat bayaran mula sa unang araw ng trabaho para sa iyo sa dulo ng bawat Gregorian na buwan, basta hindi ito mas mababa sa minimum na sahod na nakatakda sa ministerial na pasya ayon sa resibong pinirmahan ng domestic worker, at ang resibo ng pagpapadala ng kanyang sahod ay itinuturing na patunay ng pagtanggap ng mga sahod, ayon sa Artikulo 7 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015, at ang panlimang clause ng modelong kontrata sa pangengempleo – Parapo 3 ng mga obligasyon ng employer.




## Minamahal na Employer

Ang domestic worker ay kailangang babayaran para sa mga pinsala sa trabaho kailanman na magaganap ang mga ito sa panahon ng paggawa sa trabaho o dahil sa trabaho ayon sa mga probisyon ng Artikulo 7 ng Kodigo Sibil ng Kuwait, Artikulo 22, Parapo 1 ng Batas sa Domestik na Trabaho Blg. 68 ng 2015, at Panlimang Clause ng Modelong Kontrata sa Trabaho Parapo Blg. 4 Mga Obligasyon ng Employer.

الهيئـة العـامـة للقـوى العاملـة
Public Authority of Manpower

MANPOWERKWT



## Minamahal na Employer

Ang pagbabayad ng buwanang sahod sa domestic worker ay mula sa aktong petsa ng kanyang pagtanggap ng trabaho para sa iyo, at hindi pinapayagan sa anumang paraan na ikaltas ang anumang parte ng sahod ayon sa Artikulo 8 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015.

الهيئة العامة للقوى العاملة
Public Authority of Manpower

MANPOWERKWT